3. Nagbibigay ang lollipop ng kakaibang karanasan na nakakatulong sa pagkatuto.					
4. Mas nagiging interesado ang mga mag-aaral sa talakayan dahil sa paggamit ng lollipop.					
5. Mas nagiging alerto at masigla ang mga mag-aaral kapag ginagamit ang question-based lollipop.					
B. Kahandaan ng Mag-aaral sa mga Gawain sa Klase					
1. Nadarama ng mga mag-aaral na handa silang sumagot o makilahok kapag may question-based lollipop.					
2. Ang question-based lollipop ay nagpapalakas ng loob ng mag-aaral na magtanong o magbigay ng sagot.					
3. Mas naging madali para sa mga mag-aaral ang makilahok sa talakayan dahil sa presensya ng lollipop.					
4. Sa Ang paggamit ng question-based lollipop ay nakakatulong sa mas malalim na pag-unawa sa aralin.					
5. Ang mga mag-aaral ay mas nakatuon at handang makibahagi sa mga gawain kapag may lollipop sa klase.					
C. Mga Puntos bilang Gantimpala sa Bawat Tanong mula sa Question-Based Lollipop					
1. Mas nagkakaroon ng motibasyon ang mga mag-aaral dahil sa gantimpalang puntos mula sa question-based lollipop.					
2. Ang gantimpalang puntos ay nagpapalakas sa pagsusumikap ng mga mag-aaral na mag-isip ng tamang sagot.					
3. Nakakatulong ang mga puntos upang mapanatili ang focus at konsentrasyon sa aralin.					
4. Mas nagiging interesado ang mga mag-aaral sa klase kapag may pagkakataong makakuha ng puntos					
5. Ang mga puntos mula sa question-based lollipop ay nakatutulong sa pagpapabuti ng kumpiyansa at self-esteem ng mga mag-aaral.					

Appendix B

LESSON PLAN

Gurong Nagsasanay	:	Bb. Mae Magdalin Rivera
Gurong Kritiko	:	Gng. Windolyn E. Darug
Baitang at Seksyon	:	9
Asignatura	:	Filipino
Pamamaraan	:	Basal

Layunin: Pagkatapos ng aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahan na:

- Naipaliliwanag ang mga kaugaliang binanggit sa kabanata na nakatutulong sa pagpapayaman ng kulturang Asyano; (F9PT-IVE-F-59)
- Napahalagahan ang mga kaugaliang Asyano na nagpapalalim ng pagmamahal at pagkakaisa sa pamilya, kaibigan, at komunidad; at
- Naipapakita ang mga kaugaliang Asyano sa pamamagitan ng iba't ibang sitwasyon.

Paksang-Aralin: Pagpapaliwanag sa mga Kaugaliang Binanggit sa Kabanata Tungo sa Pagpapayaman ng Kulturang Asyano

Sanggunian: Ang Bagong Pluma 9 – Literasi, Wika, at Teksto para sa Matatag na Bukas nina Ailene G. Baisa-Julian, Nestor S. Lontoc, Carmela Esguerra-Jose at Alma M. Dayag Matatag Filipino Curriculum Guide, p.166-174

Kagamitan: Laptop, Powerpoint Presentation, Mga Larawan at Telebisyon

Mga Gawain: Talasalitann at Pabitin na Kaalaman

Pinagsanib na Pagpapahalaga: Pinahalagahan at isinasabuhay ang mga kaugaliang Asyano na nagpapalalim ng pagmamahal at pagkakaisa sa pamilya, kaibigan, at komunidad bilang pundasyon ng matibay na ugnayan at pagpapahalagang panlipunan.

Pamamaraan: Basal

Gawaing Guro	Gawaing Mag – aaral
A. Paunang Bahagi 1. Balik Aral Bago tayo tutungo sa ating bagong aralin ngayong araw ay magkakaroon muna tayo ng pagbabalik-aral. Tungkol saan ang tinalakay natin noong nakaraang tagpo? 	Ang tinalakay natin noong nakaraang tagpo ay tungkol sa pagtitiyak ng pagkamatotohanan ng akdang napakinggan sa pamamagitan ng pag-uugnay sa ilang pangyayari sa kasulukuyan.

Gawaing Guro	Gawaing Mag – aaral
Sa anong mga kabanatang ating pinanood maihahambing ang iba't ibang pangyayaring masasabi nating makatotohanan? Mahalaga ba na matiyak natin na ang mga impormasyong nababasa o nalalaman natin ay totoo? Bakit? Magaling! Ako ay nagagalak na naunawaan ninyo ang talakayan noong nakaraang tagpo. Bigyan ninyo ang inyong sarili ng palakpak. 2. Pagganyak Ano ang mga kaugaliang madalas mong ginagawa sa inyong pamilya na nagpapakita ng respeto at pagmamahal? Nagpapakita tayo ng respeto at pagmamahal sa pamamagitan ng pagtutulungan sa mga gawain sa bahay at pagbibigay ng oras para sa isa't isa. Magaling! Ngayon, gusto kong tingnan ninyo nang maagi ang mga larawang ito. 	Ang mga kabanatang ating pinanood na maihahambing sa iba't ibang pangyayaring masasabi nating makatotohanan ay “Sa Kagubatan, Sa Bahay Ng Pilosopo, at Ilang Sulat po titser. Oo, mahalagang matiyak na totoo ang impormasyong ating nalalaman upang maiwasan ang maling paniniwala at makagawa ng tamang desisyon sa buhay. (Isinagawa ng mga mag-aaral.) Sa aming pamilya, madalas kaming gumamit ng "po" at "opo," magmano sa nakatatanda, at magpakita ng pagmamalasakit sa isa't isa bilang pagpapahalaga sa respeto at pagmamahal.

Gawaing Guro	Gawaing Mag – aaral
Ano ang inyong nakikita sa unang larawan? Mahusay! Makikita natin ang mga prutas, iba't ibang putahe ng ulam, hamon, at lechon, na kadalasang inihahanda lamang sa malalaking okasyon.  Sa ikalawang larawan naman, ano ang napapansin ninyo? Ang larong palosebo sa kulturang Pilipino ay nagpapakita ng pagtutulungan, tiyaga, at kasiyahan sa pagdiriwang ng mga pista.  Ano ang inyong obserbasyon sa huling larawan? Magaling! Ang prusisyon ay isang mahalagang bahagi ng kulturang Pilipino, lalo na tuwing pista o Mahal na Araw, kung saan ipinapakita ng mga tao ang kanilang panata at pagsasama-sama bilang isang komunidad. Paano mo naiuugnay ang pagdaraos ng prusisyon bilang panata sa santo sa inyong sariling pamilya o komunidad? Mayroon ba kayong katulad na tradisyon?	Ang unang larawan ay nagpapakita ng isang masayang salu-salo ng pamilya o komunidad, kung saan may mga tradisyunal na pagkaing Pilipino at makukulay na palamuti na sumasagisag sa isang pagdiriwang o pista. Sa ikalawang larawan, makikita ang tradisyunal na larong palosebo, kung saan isang bata ang umaakyat sa madulas na kawayan habang masayang nanonood at naghihiyawan ang iba. Sa huling larawan, makikita ang isang prusisyon ng mga santo na nagpapakita ng pananampalataya at debosyon ng mga Pilipino sa kanilang relihiyon. Naiuugnay ko ang pagdaraos ng prusisyon bilang panata sa santo sa aming pamilya o komunidad dahil bahagi rin ito ng aming

Gawaing Guro	Gawaing Mag – aaral
Bakit mahalaga para sa mga Pilipino ang paghahanda at pagsasalo-salo sa tuwing may mahahalagang okasyon o pagdiriwang? Mayroon ba kayong sariling karanasan tungkol dito? Gusto niyo bang malaman ang mga kaugaliang magapapayaman ng kulturang Asyano? 3. Paghahabi ng Layunin Kaya sa araw na ito ay ating ipapaliwanag ang mga kaugaliang binanggit sa kabanata na nakatutulong sa pagappayaman ng kulturang Asyano batay sa napanood na mga dula sa mga kabanata na pinamagatang “Ang Bisperas ng Pista at Pagtatakinsilim”. At pagkatapos ng talakayan ang mga mag-aaral ay inaasahang makamit ang mga layunin na ito: - Naipapaliwanag ang mga kaugaliang binanggit sa kabanata na nakatutulong sa pagpapayaman ng kulturang Asyano; (F9PT-IVE-F-59) - Napahalalagan ang mga kaugaliang Asyano na nagpapalalim ng pagmamahal at pagkakaisa sa pamilya, kaibigan, at komunidad; at - Naipapakita ang mga kaugaliang Asyano sa pamamagitan ng iba't ibang sitwasyon. 4. Paglinang na Gawain 1. Gawain a. Paglilinang ng Talasalitaan Bago natin panoorin ang mga iilan sa kabanata ng nobelang "Noli Me Tangere" na pinamagatang “Ang Bisperas ng Pista at Pagtatakinsilim” ay atin munang alamin ang mga malalalim na salita na matatagpuan sa akda. Panuto: Ibigay ang kasingkahulugan ng mga salitang may salungguhit sa pamamagitan ng pagpili ng salita sa mga maskara at idikit ito sa nakalaang linya.	tradisyon tuwing kapistahan, kung saan sama-sama kaming nagtitipon upang magdasal at magpasalamat. Mahalaga para sa mga Pilipino ang paghahanda at pagsasalo-salo sa tuwing may mahahalagang okasyon o pagdiriwang dahil ito ay nagpapalakas ng ugnayan ng pamilya at komunidad habang ipinapakita ang pagpapahalaga sa tradisyon at pananampalataya. Hindi/Opo titser.

Gawaing Guro	Gawaing Mag – aaral
 bakuran  grupo  plaza  sugarol  medalyon  kinakatakutan 1. Masarap magpahinga sa patyo ng aming bahay dahil presko at tahimik ang paligid. _____ 2. Tuwing hapon, maraming bata ang naglalaro sa liwasan ng bayan. _____ 3. Ang tahur sa aming lugar ay madalas mahuli dahil sa ilegal na pagsusugal. _____ 4. Itinatago ng aking lola ang kanyang antigong relikaryong may larawan ng Mahal na Birhen. _____ 5. Ang lumang bahay sa dulo ng kalye ay pinangingilagan ng mga tao dahil sa mga kababalaghang kwento tungkol dito. _____ a. Tuntunin sa Pakikinig Bago ang lahat, alamin muna natin ang mga panuntunan sa pakikinig. Lahat pakibasa.	

Gawaing Guro	Gawaing Mag – aaral
1. Umupo nang maayos. 2. Makinig nang tahimik. 3. Ituon lamang ang atensyon sa pakikinig. 4. Maaaring isulat ang mga mahalagang detalye upang hindi ito makalimutan. 5. Unawaing mabuti ang pinakinggan. Naiintindihan ba ang mga panuntunan sa pakikinig? b. Pakikinig sa Nobela Ngayon ay may babasahin ako sa inyo na mga iilang kabanata sa nobelang pinamagatang “Ang Bisperas ng Pista at Pagtatakipsilim”.  c. Pagtitiyak na Pag-unawa Upang malaman ko kung talagang naintindihan ninyo ang inyong pinanood ay magkakaroon tayo ng isang gawain at ito ay tatawaging “Pabitin na Kaalaman!!” Mekaniks: 1. Ang guro ay maghahanda ng mga premyong nakasabit sa isang balangkas ng kawayan, kung saan ang bawat isa ay may kalakip na tanong. 2. Pipili ng walong mag-aaral ang guro sa pamamagitan ng <i>spin the wheel</i>, pipila at susubukang sungkitin ang premyo mula sa pabitin kapag ito ay ibinaba.	Mga Sagot: 1. bakuran 2. plaza 3. sugarol 4. medalyon 5. kinakatakutan Opo titser.

Gawaing Guro	Gawaing Mag – aaral
3. Kapag nakuha na ang premyo, babasahin at sasagutin ng mag-aaral ang tanong na nakalakip dito. 4. Bawat tamang sagot ay may katumbas na 5 puntos. Maliwanag ba?  1. Ilarawan ang paghahanda ng pista ng San Diego? 2. Paano mo ihahambing ang pagdiriwang ng pista sa Pilipinas sa kasalukuyan sa paraan ng pagdiriwang ng pista ng mga taga-San Diego? 3. Sang-ayon ka ba sa pagkakaroon ng mga pasugalan tulad ng liampo para higit na maging masaya ang pagdiriwang ng pista? Bakit? 4. Ano ang ibig ipahiwatig ni Pilosopong Tasyo nang ipaalala niya kay Ibarra ang sinabi ng makatang si Baltazar na: "Kung ang isalubong sa iyong pagdating, Ay masayang mukha't may pakitang giliw, Lalong kaingata't kaaway na lihim?" 5. Ilarawan ang ginagawang paghahanda ni Kapitan Tiago para sa nalalapit na pista. Tama ba ang kanyang pagnanais na malampasan o mahigitan ang mga handa ng mayayaman sa kanilang lugar? 6. Kung may espesyal na okasyong dapat ipagdiwang ngunit walang sapat na pera, gagawa ba kayo ng paraan? Halimbawa, mangungutang ng pera upang makapaghanda? 7. Ano ang kahalagahan ng prusisyon sa kultura ng mga Pilipino noong panahon ng Kastila, at paano ito nakatutulong sa pagpapalaganap ng pananampalataya? 8. Sa kasalukuyang panahon, paano natin mapapangalagaan at mapapanatili ang mga	


Gawaing Guro	Gawaing Mag – aaral
tradisyong ipinakita sa kabanata upang patuloy na pagyamanin ang ating kultura? d. Paglalahat ng Aralin Bago tayo magtapos sa ating aralin, nais kong ipaalam sa inyo na mayroon akong mga katanungan na inihanda rito. Sa pamamagitan ng <i>Question-Based Lollipop</i> na may kalakip na katanungan ay dito natin susukatin kung kayo ba ay may natutunan sa araling ito. Narito ang inyong Question-Based Lollipop at ang mga tanong.  Sa mga kabanatang ito, ipinakita ang pagdaraos ng prusisyon. Ano ang ipinapakita nito tungkol sa pananampalataya at pagiging relihiyoso ng mga Pilipino? May pagkakatulad ba ito sa mga paniniwala ng ibang Asyano?  Bakit mahalaga ang mga tradisyon tulad ng kapistahan sa pagpapatibay ng kultura at identidad ng isang bansa? 	Opo titser. Ang paghahanda para sa pista ng San Diego ay ipinakita na kung saan abala ang buong bayan sa pag-aayos ng mga palamuti, pagluluto ng maraming pagkain, at paghahanda ng engrangendeng prusisyon bilang bahagi ng selebrasyon. Ang pagdiriwang ng pista sa kasalukuyang Pilipinas ay nananatiling masaya at makulay tulad ng pista sa San Diego, ngunit sa modernong panahon, mas organisado na ito at may halong makabagong kasayahan tulad ng concert at street dancing bukod sa tradisyunal na prusisyon at handaan. Hindi ako sang-ayon sa pagkakaroon ng mga pasugalan tulad ng liampo sa pagdiriwang ng pista, dahil sa halip na magdulot ng kasayahan, ito ay nagiging

Gawaing Guro	Gawaing Mag – aaral
Sa Kabanata 26, makikita ang pagtutulungan ng mga tao sa paghahanda para sa pista. Paano mo maipapakita sa araw-araw ang ganitong uri ng bayanihan sa iyong sariling pamilya o komunidad?  Makikita natin ang pagkakaisa ng mga tao sa prusisyon. Sa iyong pananaw, paano nakatutulong ang ganitong mga tradisyon sa pagpapatibay ng relasyon ng pamilya at kaibigan?  Ang pista ay hindi lang isang kasiyahan kundi isang paraan ng pagpapakita ng pananampalataya at pagpapahalaga sa komunidad. Bilang isang mag-aaral, paano mo maipapakita sa simpleng paraan ang pagmamahal sa iyong pamilya at pamayanan? 5. Pangwakas na Gawain a. Paggamit Ngayon ay magkakaroon tayo ng isang pangkatang gawain na tatawagin nating "Kultura Ko, Ipinagmamalaki Ko!". Panuto: Gamitin ang iyong pagkamalikhain sa pagsasagawa ng gawain upang maipakita at maunawaan ang mahahalagang kaugaliang	sanhi ng kasakiman, awayan, at pagkalulong sa bisyo. Ipinapahiwatig ni Pilosopong Tasyo na dapat mag-ingat si Ibarra sa mga taong nagpapakita ng mabuting pakikitungo ngunit maaaring may lihim na masamang balak laban sa kanya. Si Kapitan Tiago ay naghanda nang magarbo para sa pista sa pamamagitan ng pag-aanyaya sa maraming panauhin, pagpapaluto ng masasarap na pagkain, at pagsiguro na mas malaki at mas maganda ang kanyang handaan kaysa sa iba, na nagpapakita ng kanyang labis na pagpapahalaga sa pagpapakitang-tao at panlipunang pagpapaligsahan. Kung may espesyal na okasyong dapat ipagdiwang ngunit kulang ang pera, dapat pag-isipan kung kailangang mangutang o humanap ng mas praktikal na paraan upang ipagdiwang ito. Noong panahon ng Kastila, ang prusisyon ay isang mahalagang gawaing panrelihiyon na nagpapalakas ng pananampalataya ng mga Pilipino, dahil ito ay nagsisilbing paraan ng pagpapahayag ng debosyon, pagpapalaganap ng Kristiyanismo, at

Gawaing Guro	Gawaing Mag – aaral
Pilipino. Siguraduhing maayos, makabuluhan, at organisado ang presentasyon. Ang bawat pangkat ay bibigyan ng sapat na oras upang maghanda at ipakita ang kanilang gawain sa klase. Maging aktibo sa pakikilahok at ipakita ang pagpapahalaga sa kulturang Pilipino sa pamamagitan ng mahusay na pagganap. Unang Pangkat  Role-Playing o Dramatization  Kaugalian: Pagmamano at Paggalang sa Matatanda Panuto: Bumuo ng isang maikling pagsasadula na nagpapakita kung paano ipinapakita ng mga Pilipino ang paggalang sa nakatatanda. Ikalawang Pangkat  Jingle o Rap Song  Kaugalian: Bayanihan o Pagtutulungan Panuto: Gumawa ng isang maikling <i>jingle o rap song</i> na may dalawa o higit pang saknong na may apat na linya na nagpapaliwanag sa konsepto ng bayanihan at kung paano ito nagpapayaman sa kulturang Pilipino. Ikatlong Pangkat  Talk Show  Kaugalian: Pagtangkilik sa Pamilya at Malasakit sa Kapwa Panuto: Bumuo ng isang talk show panel kung saan may isang host at tatlong panauhin na eksperto sa kultura.	pagsasama-sama ng komunidad sa isang banal na pagdiriwang. Mapapangalagaan at mapapanatili natin ang mga tradisyong ipinakita sa kabanata sa pamamagitan ng patuloy na pagdiriwang ng mga pista, pagpapahalaga sa pananampalataya, at pagtuturo ng kahalagahan ng ating kultura sa susunod na henerasyon.

Gawaing Guro					Gawaing Mag – aaral
Ika-apat na Pangkat 🏠 Q&A Pageant 📌 Kaugalian: Pagpapahalaga sa Pananampalataya at Tradisyon Panuto: Gumawa ng isang mini beauty pageant kung saan may tatlong kalahok na gaganap bilang mga kandidata mula sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas.					Ipinapakita ng prusisyon ang malalim na pananampalataya at pagiging relihiyoso ng mga Pilipino, na may pagkakatulad sa mga paniniwala ng ibang Asyano tulad ng mga relihiyosong pagdiriwang at ritwal sa India, Thailand, at Japan.
Paman tayan	Napak ahusay (4)	Mahusa y (3)	Katamt aman (2)	Nangang ailangan ng Pag-unlad (1)	Mahalaga ang mga tradisyon tulad ng kapistahan sa pagpapatibay ng kultura at identidad ng isang bansa dahil ipinapakita nito ang pagbabahagi ng paniniwala, pagpapahalaga, at pagkakaisa ng mga tao sa isang komunidad. Maipapakita ko ang bayanihan sa araw-araw sa pamamagitan ng pagtulong sa mga gawain sa bahay, pakikilahok sa mga proyekto ng barangay, at pagiging handang tumulong sa nangangailangan sa aming komunidad. Ang mga tradisyong tulad ng prusisyon ay nakatutulong sa pagpapatibay ng relasyon ng pamilya at kaibigan dahil nagiging pagkakataon ito para sa sama-samang pagdarasal, pagsasaya, at pagpapalakas ng ugnayan sa isa't isa.
Kaugn ayan sa Paksa	Napaka linaw at makabuluhan ang pagpapakita ng kaugalian, may malalim na pag-unawa sa kultura.	Malinaw at makabuluhan ang pagpapakita ng kaugalian, ngunit may ilang bahagi na nangangailangan ng elaborasyon.	May kaugnayan sa paksa ngunit may kulang sa lalim ng pagpapaliwanag.	Hindi malinaw o hindi gaanong nauunawaan ang kaugalian na ipinapakita.	
Kreati bidad at Orihin alidad	Napaka - malikhaing presentasyon gamit ang orihinal at kawili-wiling paraan ng pagpapakita ng kaugalian.	Malikhaing presentasyon ngunit may ilang aspeto na maaaring mas pagandahin.	May ilang malikhaing bahagi, ngunit maaaring mas maipapakita sa mas kawili-wiling paraan.	Kulang sa malikhaing elemento, at hindi orihinal ang paraan ng pagpapakita.	

Gawaing Guro					Gawaing Mag – aaral
Koope rasyon ng Pangkat	Napaka husay ang pakikilahok ng lahat ng kasapi, maayos ang koordinasyon at pagbabahagi ng gawain.	Mahusay ang pakikilahok ng karamihan sa kasapi, may bahagyang kakulangan sa koordinasyon.	May ilang kasapi na hindi aktibong nakilalak, at hindi masyadong maayos ang daloy ng presentasyon.	Halos walang koordinasyon sa pangkat, at may ilang kasapi na hindi talagalahok.	Bilang isang mag-aaral, maipapakita ko ang pagmamahal sa aking pamilya at pamayanan sa pamamagitan ng pagtulong sa mga gawaing bahay, pakikilahok sa mga tradisyon at aktibidad ng komunidad, at pagpapakita ng respeto at malasakit sa kapwa.
Kasanayan sa Presentasyon	Napaka linaw, maayos, at may tiwala sa sariling pagganap o pagsasalita.	Malinaw at maayos ang pagsasalita, ngunit may ilang pagkakataong nag-alinlangan.	May ilang bahagi na mahinao hindi masyadong malinaw ang pagsasalita.	Mahina at hindi malinaw ang presentasyon, kulang sa tiwala sa sarili.	
Kabuuan ng Epekto	Napaka husay na presentasyon na kapani-paniwalala at may malalim na epekto sa mga manonood.	Mahusay ang presentasyon at may positibong impresyon sa mga manonood.	Katamtamang epekto sa mga manonood, maaaring mas mapahusay pa.	Hindi gaanong nag-iwan ng epekto sa mga manonood, kulang sa impact.	

Gawaing Guro	Gawaing Mag – aaral						
IV. Pagsusulit Panuto: Pansinin ang mga larawan at tukuyin kung anong kultura o tradisyong Asyano ang ipinakikita at ipaliwanag kung paano ito nakatutulong sa atin bilang mga Pilipino. 1.  <table><tr><td> </td></tr><tr><td> </td></tr><tr><td> </td></tr><tr><td> </td></tr><tr><td> </td></tr><tr><td> </td></tr></table> 2. 							

Gawaing Guro

Gawaing Mag – aaral



3.

Pamanta yan	Napaka husay (4 puntos)	Mahus ay (3 puntos)	Katamt aman (2 puntos)	Kinakail angang Pagbutih in (1 puntos)
Pagtukoy sa Kultura/ Tradisyo n	Wasto at detalyad ong natukoy ang kulturan g Asyano	Wasto ngunit may kakulan gan sa detalye.	Bahagya ng tama ngunit may kalituha n.	Hindi wasto ang pagkakak ilanlan sa kultura/tr adisyon.

Gawaing Guro					Gawaing Mag – aaral
	sa larawan .				
Paliwana g	Malina w, makabuluhan, at may kaugna yan sa kulturang Pilipino .	Malina w ngunit may kulang na impormasyon.	May paliwana g ngunit hindi lubos na naipapaliwanag ang koneksyon.	Hindi malinaw o walang paliwana g.	
Pagsusuri	Napalali m ang pag-unawa sa kahalagahan ng kultura sa ating buhay.	May pagsusuri ngunit kulang sa lalim.	May pagsusuri ngunit may kalabuan sa koneksyon.	Walang malinaw na pagsusuri .	
Kaugnay an sa Pagiging Pilipino	Mahusa y na naiuugn ay ang kultura sa buhay ng Pilipino .	Naiuugn ay ngunit kulang sa detalye.	May kaugnayan ngunit mahina ang koneksyon.	Hindi malinaw ang kaugnayan sa pagiging Pilipino.	
Organisasyon ng Sagot	Maayos at lohikal ang pagkakasulat ng sagot.	Maayos ngunit may kaunting kakulangan sa daloy.	May kalituhang organisasyon.	Hindi maayos ang pagkakayos ng sagot.	
Kagamitang Wika	Wasto at malina w ang gamit ng wika, walang pagkakamali sa balarila.	Wasto ngunit may ilang maliit na kamalian.	May ilang pagkakamali sa gramatika.	Madalas ang maling gamit ng wika.	

Gawaing Guro					Gawaing Mag – aaral
V. Takdang Aralin					
Panuto: Gumawa ng isang poster slogan na nagpapakita ng kahalagahan ng mga kaugaliang Asyano na nagpapalalim ng pagmamahal, pagkakaisa, at pananampalataya sa pamilya, kaibigan, at komunidad, gamit ang malikhaing disenyo at makahulugang mensahe na sumasalamin sa kultura at tradisyon.					
Kriteriya	5 (Napakalusay)	4 (Mahusay)	3 (Katamtaman)	2 (Kulang)	1 (Di-kasiyap)
Kaugnayan sa Tema	Lubos na naipakit ang kahalagahan ng kaugaliang Asyano sa pagmamahal, pagkakaisa, at pananampalataya.	Malinaw na naipakit ang tema ngunit may kaunting kakulangan sa pagtalakay.	May kaugnayan sa tema ngunit nangailangan pa ng mas malalim na pagpapaliwanag.	Bahagyang may kaugnayan sa tema ngunit mahinala ang koneksyon.	Walang kaugnayan sa tema.
Malikhaing Diseno	Napakaganda, orihinal, at malikhaing disenyo na kaaya-ayang tignan.	Maganap at maayos ang disenyo ngunit may puwang pa para sa mas malikhaing presentasyon.	Katamtamang malikhaing disenyo ngunit may kakulangan sa detalye.	Hindi masyadong maayos at malikhaing pagkakagawa.	Walang pagsisikap sa disenyo, hindi maayos o hindi tapos.
Makahulugang Mensahe	Napakalakas ng mensahe at malinaw ang	Malinaw ang mensahe ngunit may kaunting	May mensahe ngunit nangailangan ng	Hindi gaano malinaw ang mensahe	Walang malinaw na mensahe

Gawaing Guro						Gawaing Mag – aaral
	pagpapa hayag ng kahalagahan ng kultura at tradisyong.	g kakulan gan sa lalim ng pagpap aliwana g.	mas malina w na pagpap ahayag.	he at hindi ganap na nauun awaan .	hindi nauug nay sa tema.	
Pagka malikhain sa Paggamit ng Kulay at Elemento	Mahusay ang paggamit ng kulay at elementong nagpapalakas sa mensaheng poster.	Magan da ang paggamit ng kulay ngunit may puwang para sa pagpabut.	May pagsisi kap sa paggamit ng kulay at elementong ngunit hindi ito gaanong nakaang.	Mahina ang paggamit ng kulay at elemento, hindi ito gaanong kaakit-akit.	Walan ang maayos na paggamit ng kulay at elemento, hindi kaakit-akit.	
Kaayusan at Linis ng Gawa	Napakalinis at maayos ang kabuuang gawa, walang kalat o hindi kailangang detalye.	Malinis at maayos, may bahagyang kakulangan sa detalye.	Katamtamang linis, may bahagyanahin pulido.	Maraming hindi maayos na bahagi, hindi pulido ang presenasyon.	Magulod at hindi maayos ang pagkakagawa, hindi maayos na natapos.	
Kabuuang Presenasyon	Napakahusay at kaakit-akit ang buong presentasyon, may malinaw na mensaheng disenyo.	Mahusay ang presentasyon, ngunit may kaunting kulang sa impact.	Katamtamang presentasyon, may bahagyanang gailangan ng pagpabut.	Mahina ang presenasyon, hindi gaanong kaakit-akit.	Walan ang epekto sa manood, hindi maayos o hindi tapos.	

A handwritten signature in cursive script, likely belonging to Mae Magdalín Rivera.

MAE MAGDALIN RIVERA

BSEd- Filipino Intern

Checked by

A handwritten signature in cursive script, likely belonging to Windolyn E. Darug.

WINDOLYN E. DARUG

Cooperating Teacher

Appendix C

INTERVIEW GUIDE QUESTIONS

Before the interview begins, the participants will be informed that:

The interview will be digitally recorded.

Their identity will remain confidential throughout the study and in the report.

They can discontinue their participation at any time.

Opening Questions:

1. How do you usually feel about participating in Filipino lessons before using the Question-Based Lollipops strategy?
2. What do you know or think about the Question-Based Lollipops activity?

Core Questions:

1. What challenges or difficulties did you experience in participating or asking questions before the use of Question-Based Lollipops?
2. How has the use of Question-Based Lollipops affected your engagement in Filipino lessons?
3. Can you describe any changes in how you ask questions or participate after using this strategy?
4. What benefits, if any, have you noticed in your learning because of the Question-Based Lollipops approach?
5. How has this strategy helped you consider multiple perspectives during lessons?

Closing Questions:

1. What insights or feedback would you like to share about your experience with Question-Based Lollipops?
2. In your opinion, why is it important to use interactive strategies like Question-Based Lollipops in learning Filipino?

CURRICULUM VITAE

PERSONAL DATA

Name : Mae Magdalin Rivera

Nationality : Filipino

Date of Birth : May 18, 2002

Age : 22

Civil Status : Single

Present Address : Purok Malig-on, Tinago, Ozamiz City, Misamis Occidental

Home Address: Purok Malig-on, Tinago, Ozamiz City, Misamis Occidental



EDUCATIONAL INFORMATION

College : Misamis University
H. T. Feliciano St., Aguada, Ozamiz City
: 2024-2023
: Bachelors of Secondary major in Filipino

Senior High School : Misamis University
H. T. Feliciano St., Aguada, Ozamiz City
: 2019-2020

High School : Osamiz City National High School
Lam-an, Ozamiz City
: 2017-2018

Elementary : Ozamiz City Central School
Purok 3 Molicay, Ozamiz City Misamis Occidental Philippines, 7200
: 20014-2015

Extracurricular Activities: None

Appendix D

PARENTAL CONSENT

Greetings!

I, a student researcher from Misamis University under the program Bachelor of Secondary Education major in Social Studies, respectfully seek your permission for your child to participate in my research study.

This action research is entitled “Enhancing Participation and Inquiry Skills by Using Question-Based Lollipops in Engaging Grade 9 Students.” The aim of this study is to improve the academic performance of Grade 9 students in Filipino (Noli Me Tangere) through the use of a game-based learning approach called “Question-Based Lollipop” as a teaching strategy.

Your participation will be a great help for the success of my study.

Thank you very much!

Respectfully yours,



MAE MAGDALIN RIVERA

Researcher

Noted:



WINDOLYN E. DARUG

Cooperating Teacher

ACKNOWLEDGEMENT

I have read this consent form and give my consent for my child/children to participate in this study.

Guardian's name: _____

Date: _____

Contact no.: _____

Signature: _____

Date: _____

Signature: _____

kapahintulutan ng magulang

Magandang araw po!

Ako, isang mag-aaral na mananaliksik mula sa Misamis University sa ilalim ng programang Bachelor of Secondary Education major in Social Studies, ay magalang na humihiling ng inyong pahintulot para sa pakikilahok ng inyong anak sa aking isinasagawang pananaliksik.

Ang aksyong pananaliksik na ito ay may pamagat na “Enhancing Participation and Inquiry Skills by Using Question-Based Lollipops in Engaging Grade 9 Students.” Layunin ng pag-aaral na ito na mapahusay ang academician pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino 9 (Noli Me Tangere) sa pamamagitan ng paggamit ng game-based learning na tinatawag na “Question-Based Lollipop” bilang isang istrategiya sa pagtuturo.

Ang inyong mga partisipasyon ay isang malaking tulong sa pagsasagawa ng aking pag-aaral.

Maraming salamat po!

Gumagalang,



MAE MAGDALIN RIVERA

Tagapagsaliksik

Noted:



WINDOLYN E. DARUG

Cooperating Teacher

ACKNOWLEDGEMENT

Nabasa ko ang consent na ito at nagbibigay ng kakahintulutanupang ang Akinsanya/mgaanak ay magkaroon ng partisipasyonsapag-aaral.

Pangalan ng magulang: _____

Petsa: _____

Contact no: _____

Lagda: _____

Approved.:

Name: _____

Ethics Review Board Chair

Contact no: _____

February 28, 2025

STEPHANIE JANE S. GARDUCE, MAEd

Misamis University Basic Education Principal

Ozamiz City, Misamis Occidental

Dear Mrs.Garduce:

Greetings!

I, a fourth-year education student and currently enrolled in the Bachelor of Secondary Education (BSEd) program with a major in Social Studies at Misamis University. As part of my academic coursework under the course

"EDUC 4H - Teaching Internship," I have undertaken an action research study entitled "**Enhancing Participation and Inquiry Skills by Using Question-Based Lollipops in Engaging Grade 9 Students**". This research project was approved by our professor on February 21, 2025.

The primary objective of this study is to assess the effectiveness of the Question-Based Lollipop strategy in improving students' active participation and inquiry skills in Filipino 9. My action research will involve the use of pre-tests and post-tests, and lesson plans, as research instruments, enabling me to collect valuable data from Grade 9 Filipino students at Misamis University.

I am writing to kindly request your approval to conduct this study. Rest assured that I am committed to upholding ethical considerations and strictly adhering to health protocols to ensure the safety and well-being of all participants. Furthermore, I would like to emphasize that informed consent and assent forms will be provided before data collection, and the data collected will be used exclusively for research purposes and handled with the utmost confidentiality.

Thank you for your time and consideration in reviewing my request. I sincerely appreciate your support and guidance in facilitating research initiatives that contribute to the enhancement of education.

Respectfully yours,

A handwritten signature in black ink, appearing to read "Mae Magdalin Rivera".

MAE MAGDALIN RIVERA

Researcher

Noted:

A handwritten signature in black ink, appearing to read "Windolyn E. Darug".

WINDOLYN E. DARUG

Cooperating Teacher

A handwritten signature in black ink, appearing to read "Jame S. Bazar".

JAME S. BAZAR, MAEd

Instructor

A handwritten signature in black ink, appearing to read "Stephanie Jane S. Garduce".

Recommending Approval:

STEPHANIE JANE S. GARDUCE, MAEd

Misamis University Basic Education Principal